**INTERNATIONAL NAPASA ( July 1,2025 )**

## 1)PANGYAYARING NAKAWAN NOONG BUWAN NG MAYO SA LOOB NG SIYUDAD

5月に市内で発生した盗難事件の情報

Noong buwan ng Mayo ay nagkaroon ng kabuuang 35 kaso ng pagnanakaw ng bisikleta sa Hiratsuka City. Ang mga pangyayari ay naganap sa halos lahat ng bawat distrito ng siyudad lalo na sa lugar ng Beniyacho na may 7 kaso, 3 kaso sa Tamura at Kita Kaname at 2 kaso sa Toyoda Honbu. Kahit nasa kapaligiran ng tahanan nakaparada ang bisikleta at kahit nakasusi na ay nananakaw pa rin. Ipinapayo na kapag ipinarada ang bisikleta, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan din ng ***CABLE LOCK*** na mabibili sa mga ***HOME CENTER.***

Nagkaroon rin ng kabuuang 12 kaso ng pagnanakaw ng motorsiklo. Ipinapayong kapag ipinarada ang motorsiklo, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan rin ng kandadong panlaban sa magnanakaw.

## 2)PAGPAPAALAM UKOL SA INTERNATIONAL EXCHANGE SALON NG HIRATSUKA

国際交流サロンのお知らせ

Ang "***TANABATA FESTIVAL***" sa Hiratsuka City ngayong taon ay gaganapin sa July 4 (Friday) hanggang July 6 (Sunday). At sa July 5 (Saturday) ng 10:00 ng umaga hanggang 2:00 ng hapon, ang International Exchange Association ng Hiratsuka City ay magbubukas ng "***INTERNATIONAL EXCHANGE SALON***" sa Hachimanyama no Youkan para sa mga turistang galing sa ibang bansa. Dito ay makaka-eksperyensa ng katutubong kultura ng hapon tulad ng paggawa ng Origami, Calligraphy, Aikido, Cat's Cradle at Japanese Chess (Shogi) . At masisiyahan din sa pagpapaletrato gamit ang smart phone habang nakasuot ng Yukata. Ang pagdalo dito ay libre at hindi na rin kailangan ang pagpapareserba**.** Marami ring dadalong mga boluntaryong interpreter sa wikang Ingles. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa "***INTERNATION EXCHANGE ASSOCIATION***" **Executive Office** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-25-2520 (0463-25-2520).**

## 3)IMPORMASYON UKOL SA OPEN MARKET NA SUNSUN ・MARCHE

青空市場「サンサン・マルシェ」のお知らせ

Sa July 13 (Sunday) ay magkakaroon ng open market na "***SUNSUN ・MARCHE***" sa ***SHONAN KAIGAN PARK*** sa Takahamadai. Ang Oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang alas 2:00 ng hapon. Makabibili ng mga handmade na accessories at masasarap na pagkain sa Kichen Car. At ang paradahan ng sasakyan dito ay libre. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-31-7211 (0463-31-7211).**

## 4)UKOL SA JAPANESE LANGUAGE CLASS MULA SA MGA BOLUNTARYONG GURO

ボランティアによる日本語教室のお知らせ

Ang mga sumusunod na 4 na ***JAPANESE LANGUAGE CLASS*** sa Hiratsuka City mula sa mga boluntaryong guro:

1. HIRATSUKA INTERNATIONAL EXCHANGE ASSOCIATION.
2. KABERA JAPANESE LANGUAGE ASSOCIATION.
3. SHONAN JRC
4. YOKOUCHI PROJECT.

Ang lahat ng nabanggit na Classroom ay walang bayad at ang lugar ng araw ng pagsisimula, Kwalipikasyon sa Paglahok at mga detalyadong impormasyon ay makikita sa Home Page ng ***HIRATSUKA CITY.***